Guild of Educators in TESOL International

# KAPALIGIRANG PAMPAGKATUTO, KLIMANG PANGKLASRUM AT PERFROMANS SA FILIPINO NG MGA MAG-AARAL SA GRADO 11

**Nera Grace A. Macario[1], Denro B. Macario[2]**
[1]Instructor 1, Northern Iloilo State University, Concepcion Campus, Concepcion, Iloilo, Philippines
[2]Instructor 1, Northern Iloilo State University, Main Campus, Estancia, Iloilo, Philippines

Corresponding Email: neragracemacario@nipsc.edu.ph

Available Online: May 2023
Revised: April 2023
Accepted: February 2022
Received: January 2022

Volume I Issue 2 (2023)
DOI: 10.5281/zenodo.8031997
E-ISSN: 2984-7184
P-ISSN: 2984-7176
https://guildofeducatorsintesol.international/research/

**Abstrak**
Ang pag-aaral na ito ay naglalayong alamin ang kapaligirang pampagkatuto, klimang pangklasrum at performans sa Filipino ng mga mag-aaral sa grado labing-isa (11) ng Mataas na Paaralang Nasyonal ng Ajuy. Ito rin ay naglayong matukoy kung mayroong makabuluhang pagkakaiba sa kapaligirang pampagkatuto at klimang pangklasrum at kung mayroon bang makabuluhang kaugnayan sa performans sa Filipino. Ang mga kinakailangang datos ay tinipon sa pamamagitan ng pagbigay ng talatanungan sa kapaligirang pampagkatuto, klimang pangklasrum at pagsusulit sa performans sa Filipino. Isandaan na nagmula sa Mataas na Paaralang Nasyonal ng Ajuy ang naging kalahok sa pag-aaral na ito. Sila ay pinili gamit ang stratified quota random sampling. Ang mga datos ay sinuri sa larangan ng computer-processed statistics, percentage mean, frequency count, standard deviation, One Way ANOVA (Analysis of Variance), t-test at Pearson' r. Ang alpha level ay nakaset sa .05 sa lahat ng inferensyal na pagsusulit. Ang mga natuklasan ay nagpakita na may "kaaya-aya" na antas ang kapaligirang pampagkatuto at may "kaaya-aya" na antas ang klimang pangklasrum. Napag-alaman din na mayroon silang "katamtamang" performans sa Filipino. Nakita rin sa pananaliksik na ito na "walang makabuluhang kaugnayan" ang performans sa Filipino sa antas ng kapaligirang pampagkatuto at antas ng klimang pangklasrum. Napag-alaman din na "walang makabuluhang pagkakaiba" ang kapaligirang pampagkatuto sa performans sa Filipino. "Wala ring makabuluhang pagkakaiba" ang klimang pangklasrum ng mga mag-aaral sa Filipino sa performans sa Filipino. Napag-alaman din na "walang makabuluhang kaugnayan" ang kapaligirang pampagkatuto sa klimang pangklasrum maging ang kapaligirang pampagkatuto sa performans sa Filipino gayundin ang klimang pangklasrum at performans sa Filipino.

***Mga Pangunahing Salita:*** *Kapaligirang Pampagkatuto, Klimang Pangklasrum, Performans sa Filipino, Mag-aaral sa Grado 11, Senior High Schools*

## INTRODUKSYON

Ang malaking bahagi ng oras ng mga mag-aaral ay ginugol nila sa paaralan. Sa klasrum, natuto sila ng iba't ibang mga kaalaman at kasanayang lubos na makatutulong para sa kanilang pag-unlad bilang isang mag-aaral (Cruz, 2017).
Para matamo ang lubos na pagkatuto, may iba't ibang salik na nakaapekto sa kanilang pag-unlad. Maaaring ito ay mga bagay na nakita sa loob ng silid-aralan o di kaya mga bagay na may kinalaman sa klimang pangklasrum (Miller, 2015). Kung kaya't naniniwala ang mga dalubhasa sa edukasyon na dapat ang mga mag-aaral ay may maayos at komportableng kapaligiran at klimang pangklasrum para maramdaman nila na sila ay ligtas at handang matuto.



CC BY SA

Isa sa mga salik na itinuring para makamit ang lubos na pagkatuto ay ang maayos, komportable at kompletong pasilidad para sa mga mag-aaral o mas kilala sa kapaligirang pampagkatuto. Ayon sa pag-aaral ang mga mag-aaral ay madaling matututo kapag naramdaman nila na sila ay kontento at ligtas sa anumang panganib sa klasrum.

Ayon kay Suleman (2014) isa sa mga dahilan kung bakit mataas ang nakuhang grado ng mga mag-aaral ay dahil sa salik kagaya ng sapat na pasilidad at matiwasay na klimang pangklasrum. Kaya naman responsibilidad ng bawat guro na iparamdam sa mga mag-aaral nila ang mga bagay na ito.

Napakahalaga para sa isang paaralan na magkaroon ng isang kompleto at de-kalidad na pasilidad at kagamitan sapagkat kung wala ang mga bagay na ito hindi magagawa at mapag-aralan ng mga mag-aaral ang kanilang mga leksiyon. Isa rin sa malaking dahilan kung bakit lumipat sa mga pribadong paaralan ang mga may kaya o nakaririwasa sa buhay, dahil sa palagay nila ay komportable at ligtas ang kanilang anak.

Sa aklat ni Dr. Lizette F. Knight (2009) na Maximum Learning and Teaching, na isinaad niya na isang salik na mahalaga sa proseso ng pagkatuto ay ang kapaligiran. Ang paghahanda ng isang magandang kapaligiran ay nakaapekto sa motibasyon ng pagkatuto. Ang kapaligirang kaaya-aya ay nagbigay kahulugan na magkaroon ng kabuluhang mabuhay, matuto at makalinang ng mga akademikong gawain sa paaralan. Patuloy na makilahok sa mga aktibidades sa paaralan dahil may sapat na mapagkunan ng mga pangangailangan (https://www.gvsu.edu/mygvsu/ Ret.06/06/2018).

Isa rin sa mga salik sa mabilis na pagkatuto ay ang klimang pangklasrum. Kailangang maramdaman ng mga mag-aaral na sila ay mahal ng kanilang mga guro at mga kaklase at maramdaman nila na sila ay bahagi ng kanilang pangkat. Ayon sa pag-aaral ni Gallaroza (2014) mas natuto nang mabilis ang mga bata at tumaas ang kanilang mga grado kapag naramdaman nila na ang mga tao sa paligid nila ay mabait at mapagkatiwalaan.

Itinuro rin sa mga pangunahing dahilan kung bakit hindi masyadong maganda ang akademikong performans ng mga mag-aaral ay dahil sa nawalan ng interes sa pag-aaral kapag nakita nila na hindi masyadong kaaya-aya ang kapaligirang pangklasrum. Naging ugat ito ng pagiging maingay ng mga mag-aaral, hindi pakikinig sa mga guro at kawalan ng gana sa pag-aaral.

Kaya naman, para matugunan ang suliraning ito, iba't ibang pag-aaral ang isinagawa. Ayon kay Ritter at Hancock (2017) may dalawang paraan para mapanatili ang disiplina at maayos na kapaligirang pangklasrum. Una, ay sa pamamagitan ng "assertive discipline" ito'y matatamo kung ipaparamdam natin sa mga mag-aaral na tayo ang karapat-dapat na paniwalaaan at may higit na awtoridad. At pangalawa, ligtas at maayos na pasilidad sa pamamagitan nito'y, mararamdaman ng mga kabataan ang tunay na kahalagahan ng pagkatuto sa bawat araling kanilang natutunan (https://www.gvsu/org.edu/Ret.07/09/2017).

Isa sa mga mapanaligang teorya ay nagmula kay Frederick Herzberg na tinawag niyang "Herzberg Two Theory Factory". Tulad ng ibang mga tao siya ay walang edukasyon pero humanap siya ng ibang paraan para matamo ang inaasam na karunungan. Sa tulong ng libro at taglay na katalinuhan ay nakilala siya. Ayon kay Herzberg, may dalawang motibasyon na tumutulong sa kanya (Kuijik, 2018).

Ang unang motibasyon ay ang Intrinsic Motivation o direktang motibasyon ng kaisipan o damdamin na tinataglay ng mga taong kulang sa mga kinakailangang bagay. Dulot nito, mas lalo niyang itinatak sa isipan niya na kailangan niyang magsikap para magkaroon ng ganoong bagay. Dito pumapasok ang paniniwala na hindi dapat magpaapekto sa anumang kulang na pasilidad sa paaralan bagkus dapat magsilbi itong motibasyon para magsikap na mapataas ang grado.


CC BY SA

Ang ikalawang motibasyon ay ang Extrinsic Motivation o motibasyon na nagmula sa motibasyon ng intrinsic na mga salik ng motibasyon. Ngunit dito isinasakilos ng isang tao ang inaasam niyang pangyayari. Itinuring din niya itong responsibilidad para patunayan sa lahat na kahit salat sa maraming bagay magtatagumpay siya patungo sa pagsulong. Dito ipinakita na kahit anuman ang sagabal o pagkukulang mayroon sa isang silid-aralan para matamo ang lubos na pagkatuto ay hindi ito dapat maging hadlang sa pagkuha ng mataas na grado.

Kung kaya't para matugunan ang mga problema at pangangailangang ito, ang pag-aaral na ito ay isinagawa para maipakita ang kasalukuyang kalagayan ng edukasyon sa Pilipinas at malaman kung ano ang nararapat na kapaligiran at klimang pangklasrum ang naaangkop sa mga mag-aaral. Layunin din ng pag-aaral na ito na alamin kung ang kapaligiran at klimang pangklasrum ay may malaking epekto sa performans ng mga mag-aaral sa grado 11.

Sa pagtagumpay ng performans ng mga mag-aaral ay malaki ang papel na ginagampanan ng guro. Ang kanyang impluwensiya sa pag-unlad ng pagkatuto ay hindi matatawaran. Ang guro ay maituturing na mabuting pangganyak sa mga mag-aaral. Ang kanyang atityud, pag-uugali, kabihasaan at kasanayan ay sapat na upang mapukaw at lalong maganyak na matuto upang mapaunlad ang performans sa lahat ng asignatura lalo na sa Filipino (Altamia, 2018).

Dagdag pa ni Altamia (2018), kung positibo ang atityud at maganda ang ugali ng guro lalong gaganahan ang mga mag-aaral na pagbutihin ang performans nila sa paaralan. Ang kakayahan at atityud ng guro ay may malaking impluwensiya sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Kung ang guro ay nahihirapan sa pagtuturo ng asignaturang kanyang tinuturo tiyak na hahamon ito sa kanyang kakayahan sa pagtuturo sa naturang asignatura. May malaking impluwensiya ito sa pagkatuto ng mga mag-aaral, nahihirapan din ang mga mag-aaral sa pagkatuto ng naturang asignatura.

Isang katotohanan na may mga guro na positibo ang atityud at pag-uugali sa kalagayang pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral. Karamihan sa mga mag-aaral sa buong mundo ay nagpapatunay na ang silid-aralan ay binubuo ng aralin kung saan ito ay ibinahagi ng kanilang guro sa buong makakaya nila, ang mga kaalaman at katotohanan, tuntunin at mga datos ay nakasalalay sa isang mahusay na guro. Nagpapakita lamang ng pagkakaiba-iba ng kanilang istilo bunga ng matibay na interaksyong nakapaloob sa pagitan ng atityud at kakayahan ng guro sa pagtuturo (http://www.univie.ac/Ret.02/06/2018).

Ayon kay Martinez (2016), maraming salik ang nakaapekto sa performans sa pag-aaral ng Filipino. Ang kaaya-ayang kapaligiran at klimang pagklasrum ay makakatulong sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang pagbaba at pagtaas ng grado sa Filipino ay nagpapakita ng performans ng isang mag-aaral. Maraming bagay ang nakaapekto at nararapat lamang na isaalang-alang sa pag-alam at pagtuklas sa performans ng mga mag-aaral sa Filipino.

Ayon naman kay Nonis et. al. na binanggit ni Lachica et. al. (2014), ang mga mag-aaral ay may kanya-kanyang barayti ng pagkatuto at paghubog ng performans. Ang positibo at kagustuhan ng mag-aaral ay makatutulong nang malaki na mapatibay nito ang performans ng mga mag-aaral sa mga gawaing may kinalaman sa bawat gawaing inihanda para sa kanila. Ang epektibong guro ay malikhain. Ang kanyang klase ay masigla, kawili-wili at laging may bagong gagawin. Hindi lamang ang magpunla at magkintal ng impormasyon o prinsipyo at hangarin, kundi higit sa lahat, ang ninanais ay matulungan ang mag-aaral na mapabuti ang buhay.

Ang malayang baryabol sa pag-aaral ay ang kapaligirang pampagkatuto at klimang pangklasrum samantala, ang di-malayang baryabol ay ang performans sa Filipino sa grado labing-isa (11).

Ang lahat ng nabanggit ang siyang pinagbatayan ng pag-aaral na ito



cc BY SA

**Paglalahad ng Suliranin at Ipotesis**

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong alamin ang kapaligirang pampagkatuto, klimang pangklasrum at performans sa Filipino ng mga mag-aaral sa Grado 11 ng Mataas na Paaralang Nasyonal ng Ajuy na nakapagpatala sa Taong Panuruan 2018-2019.

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong sagutin ang mga sumusunod:

1. Ano ang antas ng kapaligirang pampagkatuto ng mga mag-aaral sa Filipino sa grado 11?
2. Ano ang antas ng klimang pangklasrum ng mga mag-aaral sa Filipino sa baitang 11?
3. Ano ang antas ng performans sa Filipino ng mga mag-aaral sa grado 11?
4. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng performans sa Filiino sa mga antas ng kapaligirang pampagkatuto ng mga mag-aaral sa grado 11?
5. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng performans sa Filiino sa antas ng klimang pangklasrum ng mga mag-aaral sa grado 11?
6. Mayroon bang makabuluhang kaugnayan ang kapaligirang pampagkatuto, klimang pangklasrum at performans sa Filipino ng mga mag-aaral sa grado 11?

Ang susubukang ipotesis ay ang mga sumusunod:

1. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa antas performans sa Filipino sa antas ng kapaligirang pampagkatuto na gusto ng mga mag-aaral sa grado 11?
2. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng performans sa Filipino antas ng klimang pangklasrum na gusto ng mga mag-aaral sa grado 11?
3. Mayroon bang makabuluhang kaugnayan ang antas ng kapaligiran, klimang pangklasrum at performans sa Filipino ng mga mag-aaral sa grado 11?

**METODOLOHIYA**

**Paraan ng Pagsusuri ng mga Datos**

Ang pinakapangunahing layunin sa pag-aaral na ito ay upang alamin ang kapaligirang pampagkatuto, klimang pangklasrum at ang performans sa Filipino ng mga mag-aaral sa grado 11 ng Mataas na Paaralang Nasyunal ng Ajuy na nakapagpatala sa Taong Panuruan 2018-2019.

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng survey correlational na pamamaraan. Nasasangkot dito ang paglalarawan, pagtatala, pagsusuri at pagpapakahulugan ng kasalukuyang kalagayan, pagkakabuo at proseso ng isang pangyayari. Tinalakay dito ang mga pagkakaugnay ng mga pangyayari, mga kadahilanan kung bakit nagaganap ang mga kaugalian, paniniwala kaugnay ng mga kalagayan, paniniwala ng mga tao, mga bunga ng mga pangyayari at mga kasalukuyang kaganapan (Hontiveros at Ganzon, 2015).

**Mga Informant at Saklaw**

Ang mga kalahok sa nasabing pag-aaral ay ang mga piling mag-aaral ng grado labing-isa (11) ng Mataas na Paaralang Nasyonal ng Ajuy na nakapagpatala sa unang semestre sa Taong Panuruan 2018-2019.



CC BY SA

Ang mga kalahok ay pinili sa pamamagitan ng quota stratified random sampling. Ang mananaliksik ay gumamit ng quota stratified random sampling dahil sa napakaraming seksyon ang bumuo sa grado labing-isa (11). Ang bawat seksyon ay binubuo ng tatlompu't dalawa (32) hanggang limampu't dalawang (52) mag-aaral kaya ang mananaliksik ay kumuha lamang ng tig-sasampu bawat seksyon. Sa kabuuan ay may apat na raan limampu't isang mag-aaral mula sa grado labing-isa (11) ngunit ang mananaliksik ay kumuha lamang ng isang daang (100) kalahok.

Sa Accountancy and Business Management (ABM) ay may tatlumpu't walo (38) na mag-aaral ngunit kumuha ng sampu (10), sa Humanities and Social Science (HUMSS) A ay may apatnapu't walo (48) ngunit kumuha lamang ng sampu, sa Humanities and Social Science (HUMSS) B ay limampu (50) na mga mag-aaral ngunit kumuha lamang ng sampu (10), sa Humanities and Social Science (HUMSS) C ay may limampu (50) ngunit kumuha lamang ng sampu (10), sa Humanities and Social Science (HUMSS) D ay may limampu't dalawa (52) ngunit kumuha lamang ng sampu (10), sa General Academic Strand (GAS) ay may apatnapu't siyam (49) ngunit kumuha lamang ng sampu (10), sa Science and Technology Engeenering and Mathematics (STEM) ay may tatlumpu't dalawa (32) ngunit kumuha lamang ng sampu (10), sa Technical Vocational Livelihood (TVL) A ay may apatnapu't dalawa (42) ngunit kumuha lamang ng sampu (10), sa Technical Vocational Livelihood (TVL) B ay may apatnapu't apat (44) ngunit kumuha lamang ng sampu(10), sa Technical Livelihood (TVL) C ay may apatnapu't anim (46) ngunit kumuha lamang ng sampu.

**Instrumento**

Ang kagamitan sa pananaliksik ay binubuo ng apat na bahagi: (1) Profayl ng mga kalahok, (2) Talatanungan ng Kapaligiran; (3) Talatanungan sa Klimang Pangklasrum; (4) Pagsusulit sa Performans.

Sa Profayl, ito ay binubuo ng edad, kasarian, edukasyong natamo ng magulang at hanapbuhay ng magulang.

Talatanungan sa Kapaligirang Pampagkatuto. Tumutukoy ito sa markang nakuha mula sa sampung (10) aytem na talatanungan na kapaligirang pamgpagkatuto na hinalaw sa pag-aaral ni Fraser (2015) para mataya ang kapaligiran. Sila ay minarkahan ng lubos na sumasang-ayon, sumasang-ayon, di-sigurado, hindi sumasang-ayon at lubhang di-sumasang-ayon. Sila ay ginamitan ng iskalang:

| Iskala | Deskripsyon |
|---|---|
| 4.21-5.00 | Lubos na Kaaya-aya |
| 3.41-4.20 | Kaaya-aya |
| 2.61-3.40 | Katamtaman |
| 1.81-2.60 | Di-kaaya-aya |
| 1.00-1.80 | Lubhang di-kaaya-aya |

Talatanungan sa Klimang Pangklasrum. Tumutukoy ito sa emosyonal at pisikal na aspeto ng silid-aralan. Tumutukoy din ito sa umiiral na modo, pag-uugali, istandard at damdamin ng mga mag-aaral at ng guro sa loob ng silid-aralan (https://www.ortingschools.org/cms/lib/2016). Tumutukoy din ito sa markang makukuha mula sa tatlumpong (30) aytem na talatanungan klimang pangklasrum na hinalaw mula sa pag-aaral ni Fraser (2015). Ito ay ibinigay sa tatlumpong (30) mag-aaral na hindi kabilang sa pag-aaral upang masukat na kapani-paniwala ang talatanungan. Sila

ay minarkahang lubos na sumasang-ayon, sumasang-ayon, di-sigurado, hindi sumasang-ayon at lubhang di-sumasang-ayon. Sila ay ginamitan ng iskalang:

| **Iskala** | **Deskripsyon** |
|---|---|
| 4.21-5.00 | Lubos na Kaaya-aya |
| 3.41-4.20 | Kaaya-aya |
| 2.61-3.40 | Katamtaman |
| 1.81-2.60 | Di-kaaya-aya |
| 1.00-1.80 | Lubhang di-kaaya-aya |

Performans sa Filipino. Tumutukoy ito sa pagsusulit na ibinigay sa mga mag-aaral sa grado labing-isa (11). Binubuo ang pagsusulit na ito ng bukabolaryo na may sampung (10) aytem, sampung (10) aytem sa gramatika at sampung (10) aytem sa wastong gamit. Ang mga test aytem sa pag-aaral na ito ay personal na ginawa ng mananaliksik at ito ay dumaan sa content face validity sa tulong ng dalawang guro sa Filipino. Ito ay ipinaylot test sa tatlumpong (30) mag-aaral na hindi kabilang sa pag-aaral na ito upang masukat ang pagkapani-paniwala at pagkabalido ng pagsusulit. Sila ay minarkahan napakataas, mataas, katamtaman, mababa at napakababa. Ito ay ginamitan ng iskalang:

| *Iskala* | *Deskripsyon* |
|---|---|
| 4.21-5.00 | Napakataas |
| 3.41-4.20 | Mataas |
| 2.61-3.40 | Katamtaman |
| 1.81-2.60 | Mababa |
| 1.00-1.80 | Napakababa |

**MGA DATOS AT PAGSUSURI**

Nagtakda ng tiyak na araw ang mananaliksik para mapaghandaan ng mga tagatugon ang pagsusulit na kanilang sinagutan. Ang pamumudmod ng talatanungan ay personal na isinagawa ng mananaliksik upang matipon ang mga tagatugon. Ipinaliwanag ng mananaliksik ang mga panuto bago magsimulang sumagot upang masigurong maisagawa nang tama ang naturang pagsusulit. Binigyan sila ng sapat na oras upang masagutan ang mga katanungan.

Frequency Count. Ito ay gagamitin upang matiyak ang interbal ng bawat iskor batay sa iskala sa pagtatala ng mga tugon ng mga tagatugon.

Mean. Ito ay ginamit upang matiyak ang kaisahan kapaligiran, klimang pangklasrum at performans sa Filipino ng mga mag-aaral sa baitang 11.

Standard Deviation. Ito ay ginamit upang matiyak ang kaisahan ng kahirapan at katumpakan ng tugon ng mga mag-aral ayon sa kahirapan sa pagkatuto at performans sa Filipino.



CC BY SA

One way Analysis of Variance. ang pagsubok na ito ay itinakda sa 0.05 alpha na siyang ginamit upang matukoy ang kahalagahan ng kaugnayan sa pagitan ng performans sa Filipino sa kapaligiran, klimang pangklasrum. Ang kabuluhan ay itinakda sa 0.05.

Pearson' r. Ang pagsubok na ito ay itinakda sa 0.05 alpha na ginamit upang matukoy ang kahalagahan ng kaugnayan sa pagitan ng kahirapan sa pagkatuto at performans sa Filipino.

**RESULTA AT DISKUSYON**

**Palarawang Pagsusuri ng mga Datos**

*Antas ng Kapaligirang Pampagkatuto*
*sa Filipino ng mga Mag-aaral*
*sa Grado 11*

Ang mga datos sa talahanayan 2 ay nagpapakita na ang antas ng Kapaligirang Pampagkatuto ng mga mag-aaral ay "mataas" na may (M= 3.71, SD= .34).

Talahanayan 2

*Mean at Standard Deviation ng Kapaligirang Pampagkatoto*

| Baryabol | Mean | Deskripsyon | SD |
|---|---|---|---|
| Kapaligirang Pampagkatoto | 3.71 | Kaaya-aya | .34 |

| **Iskala** | **Deskripsyon** |
|---|---|
| 4.21-5.00 | Lubhang Kaaya-aya |
| 3.41-4.20 | Kaaya-aya |
| 2.61-3.40 | Katamtaman |
| 1.81-2.60 | Di-kaaya-aya |
| 1.00-1.80 | Lubhang Di-kaaya-aya |

Nangangahulugan ito na kaaya-aya ang kanilang antas ng Kapaligirang Pampagkatuto sapagkat malamig, nakakapag-aral nang mabuti, maraming punong kahoy, halaman, bulaklak sa paligid, may sapat na tubig na maiinom, may maayos na mga silid-aralan at malayo sa mga sagabal sa pag-aaral tulad ng mga mall, parke at computer shop. May palikuran ang bawat silid na maaaring magamit kapag sila ay may pangangailangang personal na hindi na kailangang pumila sa pangkalahatang palikuran. Malayo rin sa basketball court, sakayan ng traysikel, at pedicab kaya matahimik ang paligid. Malayo rin sa construction area kaya hindi naririnig ang mga makineryang maiingay. Walang nagaganap na palatuntunan o naglalaro sa gymnasium sa oras ng klase. Mainit man o maulan ay may madadaanang footwalk na may canopy ang mga mag-aaral at mga guro. Hindi na kailangang lumabas ng paaralan para bumili ng makakain dahil may


CC BY SA

malaking kantina na kompleto sa mga bilihin. May masisilungang study shed kung saan makapagtipon-tipon ang mag-aaral upang makapag-aral. Kung may mga mahihirap na aralin, makakapagsaliksik sa aklatan dahil maraming mapagpipilian at mayroong internet connection. Matahimik ang kapaligiran kaya mas lalong narinig nila ang talakayan sa klase at nakuha ng guro ang kanilang atensyon. Maayos na nakapagpukos ang mga mag-aaral sa kanilang mga aralin sa loob ng klasrum. Maraming upuan sa kampus na maaaring pahingahan ng mga mag-aaral para sila ay makapagrerebyu. Sapat ang kanilang libreng oras at may pagkakataong magsasama-sama sa kampus upang makapag-aral lalo na kapag sila ay may pagsusulit. Marahil ay nararamdaman din ng mga mag-aaral na sila ay ligtas dahil kongkreto ang pader at may guwardya sa gate kaya hindi nakakapasok ang mga taga-labas.

Ang resulta ng pag-aaral na ito ay sumasang-ayon din sa pag-aaral ni Altamia (2018) na lumabas sa kanyang pag-aaral na ang salik sa pagkatuto sa kabuuan ay "mataas". Nagpapakita lamang na napakahalaga ng pasilidad sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa paaralan. Kailangang may kompletong pasilidad katulad ng: malaking aklatan, computer laboratory, students lounge, malaking kantina, H. E. room at medical/dental clinic. Maganda rin kapag may sapat na ilaw upang maging maliwanag ang klasrum, maganda rin ang malaking bintana at sapat na bintilador sa loob ng klasrum upang maging kaaya-aya sa pag-aaral ng mga mag-aaral. Nakatutulong talaga ang malinis, maayos, malawak at maaliwalas na pasilidad dahil nakapagpapaunlad ito ng kaalaman na maaaring magamit sa kanilang bahay. Sumasang-ayon din ito sa pag-aaral nina Aldaya at Banal (2015) sa kanilang dyornal na Problems and Difficulties Encountered by Students and Teachers, na ang kakulangan sa mga pasilidad ay may malaking hadlang sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Mawawalan sila ng ganang pumasok dahil wala silang nakitang motibasyon na makakapagpasigla at nakasasabik sa pagbalik-balik sa paaralan. Wala silang nakikitang bago sa mga pasilidad sa paaralan. Mas gusto nila ang mga pagbabago para sa pisikal na anyo ng paaralan. Gusto nila ang mukhang bago na hitsura ng paaralan para hindi kabagot-bagot ang pananatili rito.

Ayon din kay Goulart (2011) sa kanyang aklat na The Result of Interest on The Educational Success, hindi mahirap ang pagtamo ng lubos na pagkatuto kung kompleto ang paaralan lalong-lalo na ang mga pasilidad na kailangan ng mga mag-aaral. Kagaya ng malaking silid-aklatan na may marami at iba't ibang aklat, may computer na may internet connection, may klinika na mayroong school nurse upang masubaybayan ang kalusugan ng mga mag-aral at mga guro. Mayroong gagamot kung sasama ang pakiramdam. May kantinang malawak, malinis, maraming mapagpipiliang bilihin na masustansiya dahil kailangang maging listo sa pangangatawan upang maging malusog at hindi magkasakit. Kailangan din ang taunang ebalwasyon ng mga kinauukulan uang mapanatili ang kaayusan ng paaralan at mapaunlad pa ito lalo.

*Antas ng Klimang Pangklasrum*
*ng mga Mag-aaral sa Filipino*

Ang resulta ng antas ng klimang pangklasrum ng mga mag-aaral sa Filipino grado 11 ay ipinakita sa talahanayan 3 na "kaaya-aya" na may (M = 4.09, SD= .37)

Talahanayan 3



CC BY SA

*Mean at Standard Deviation ng Klimang Pangklasrum*

| Baryabol | Mean | Deskripsyon | SD |
|---|---|---|---|
| Klimang Pangklasrum | 4.09 | Kaaya-aya | .37 |

| **Iskala** | **Deskripsyon** |
|---|---|
| 4.21-5.00 | Lubhang Kaaya-aya |
| 3.41-4.20 | Kaaya-aya |
| 2.61-3.40 | Katamtaman |
| 1.81-2.60 | Di-kaaya-aya |
| 1.00-1.80 | Lubhang Di-kaaya-aya |

Nangangahulugan ito na maayos ang ugnayan ng mga estudyante at ng mag-aaral sapagkat ang antas ng klimang pangklasrum ng mg mag-aaral sa Filipino ay (4.08) na nangangahulugang kaaya-aya. Maaaring isa sa mga salik sa pagiging kaaya-aya nito ay ang masayang disposisyon ng guro at gumagamit siya ng mga angkop at nararapat na istratehiya para makuha ang atensyon ng mga mag-aaral. Marahil lalong nakapaghanda ang guro ng mga gawaing nakapukaw sa interes ng mga mag-aaral. Marahil kaaya-aya ang loob ng klasrum. Malinis at may basurahan na maaaring mapaglagyan ng mga basura. May paskilan ng mga mahahalagang anunsyo o kaya ay kaarawan ng mga mag-aaral at may larawan pa ng bawat isa. Marami ang kagamitang panturo na maaaring magamit sa pagtuturo na lalong nakakapagpaunlad ng pagkatuto. Lalong gaganahan ang bawat mag-aaral dahil palaging sasalubungin sila ng matatamis na ngiti ng guro. May pagmamalasakit ang guro sa kapakanan ng bawat mag-aaral. Kaya naging kaaya-aya ang kinalabasan ng klimang pangklasrum. Inuunawa niya ng lubos ang mga gawain na ibinigay sa mga mag-aaral. Angkop sa kanilang kakayahan ang estratehiyang ginamit ng guro. Malamang may pampaluwag tawa (sense of humor) kaya masigla. Malamang napukaw ang kawilihan ng mga mag-aaral dahil sa ang guro ay gumamit ng makukulay na kagamitang panturo na angkop sa lebel ng mga guro. Nagbibigay rin ng makabuluhang komento ang guro na magagamit ng mag-aaral maging sa labas ng paaralan. Mayroon din silang sinusunod na mga alituntunin kung kaya napapanatili ang katiwasayan sa loob ng klasrum. May pakikisama ang bawat mag-aaral at na ang guro kaya nagkakasundo-sundo at walang gulo. Agad ding pinag-usapan nang maayos kung may problema kaya agad din itong nasolosyunan at nang hindi na lumala pa. Kung nagkamali ang mag-aaral ay agad siyang kinakausap ng guro upang mapayohan. Marahil ay hindi inabuso ng guro ang karapatang akademikong kalayaan ng mga mag-aaral. Hindi na lumalabas ng klasrum ang mga mag-aaral para mag CR dahil mayroon na sa loob ng klasrum. Ang klasrum hindi daanan ng mga bumibili sa kantina na maaaring makaistorbo sa kanila. Ang mga nakapaskil sa loob ng klasrum ay impormatibo at naaayon sa aralin. Marahil ay pinananatili ang kaayusan at kalinisan ng klasrum kung kaya komportable ang mga mag-aaral. Kung may sirang mesa, silya, kabinet o anuman ay agad na inaayos para maiwasan ang disgrasya. May siguridad ang mga naiiwang bagay sa klasrum ng mga mag-aaral dahil maayos ang mga bintana at may kandado ang pinto na hindi napapasok ng mga masasang loob. Nawiwili rin ang mga mag-aaral dahil may telebisyon na mapapanuuran ng mga edukasyunal na mga palabas.

Nagpapakita rin sa resulta ng pag-aaral ni De la Cruz na binanggit ninas at Martinez (2016) na malaki ang papel na ginagampanan ng mga guro sa paghubog ng atityud ng mga mag-aaral at ng kanilang sariling pagkatao. Ang kabisaan at kabuluhan sa pagtuturo ay nakasalalay sa positibong pag-uugali ng mga mag-aaral sa asignaturang kanyang pinag-aaralan. Ang positibong pananaw ng isang mag-aaral ang magsisilbing motibasyon niya sa sarili upang magtagumpay. Makatutulong dito ang kahusayan ng guro ng paglalahad ng kanyang klase at ang pag-uugaling may malasakit sa mag-aaral. Hindi unang iniisip ang pansariling kapakanan kundi ang sa mag-aaral muna. Kahit maglaan pa ng ekstrang oras ang guro sa pagkatuto ng mga-aaral. Dapat ding alamin ng guro ang background ng mga mag-aaral upang lalo na niya itong maunawaan.

Ayon naman kay Lilibeth C. De Vera (2017) sa kanyang aklat na Paano Maging Isang Epektibong Guro?, ang akademikong kalayaan ay inilalarawan bilang kalayaan para magturo o matuto nang walang panghihimasok. Ngunit sa batas, ang mga guro ay walang karapatan na saktan ang isang bata at hindi maaaring gamitin ang klasrum upang ipakita ang kanilang personal na paniniwala, kaugalian at pamumuhay. Higit sa lahat, upang maging epektibong guro, kailangan maging isang ilaw sa buong mundo. Ang kanyang ilaw ay dapat magningning sa kanyang mga mag-aaral nang makita nila ang mabuting gawain o ang mga magagandang aspeto ng buhay at para mapulot ng mga mag-aaral at maisagawa nila ito sa kanilang pang-araw-araw na gawain o pamumuhay at maging sandata ng mga mag-aaral kung anumang pangyayari ang maaaring dumating sa kanilang buhay.

Ayon nga kay Baylon (2013), gaano man ka istrikto ang isang guro ay hindi ito hadlang sa peformans sa Filipino ng mga mag-aaral. Kadalasan, marami sa mga guro ay may pagka awtoritativ na tipo na kadalasang nagiging dahilan ng pagliban ng mga estudyante sa klase o pagtigil sa klase.

Ngunit batay sa resulta ng kaugnayan ng klimang pangklasrum sa performans sa Filipino ng mga mag-aaral ay mapapansin na walang makabuluhang kaugnayan ang klimang pangklasrum sa kagustuhan ng bata na matuto sa Filipino.

*Antas ng Performans sa Filipino*
*ng mga Mag-aaral*

Ipinapakita sa resulta ng antas ng performans sa Filipino ng mga mag-aaral sa talahanayan 4 na "katamtaman" na may (M= 3.37, SD= .94).

Talahanayan 4

*Mean at Standard Deviation ng Performans sa Filipino*

| Baryabol | Mean | Deskripsyon | SD |
|---|---|---|---|
| Performans sa Filipino | 3.37 | Katamtaman | .94 |

**Iskala** **Deskripsyon**



CC BY SA

| | |
|---|---|
| 4.21-5.00 | Napakataas |
| 3.41-4.20 | Mataas |
| 2.61-3.40 | Katamtaman |
| 1.81-2.60 | Mababa |
| 1.00-1.80 | Napakababa |

Nangangahulugan ito na katamtaman ang antas ng performans sa Filipino ng mga mag-aaral sa grado labing-isa (11). Marahil nakakaapekto sa kanila ang sobrang paggamit ng mga makabagong teknolohiya tulad ng mga gadyets na celfon, tablet, laptop at iba pa. Nawiwili sila lalo na sa mga social media sites kagaya ng facebook, messenger, twitter, tumbler, youtube, google at marami pang iba. Wala silang limitasyon sa paggamit ng mga ito marahil ay hindi sila napapaalalahanan ng magulang. Kung kaya nakakaligtaan na nila ang mag-aral o magrebyu ng mga aralin nila. Hindi na nagagawa ang mga takdang aralin. Kaya bunga nito ang pagkapuyat gabi-gabi ay kawalan ng ganang pumasok sa paaralan. Tinatanghali ng gising kaya laging huli sa klase. Kung pumasok man ay inaantok pa at hindi makapagpukos sa aralin. Marahil ay naiimpluwensyahan din sila ng hindi mabuti ng mga kaibigan o kabarkada. Niyayaya silang magcutting classes o lumiban. Marahil ay nababagot sila sa asignatura o sa gurong nagtuturo. Wala silang interes na matuto kaya nananatiling katamtaman lang ang grado nila. Maaaring hindi nila iniisip na mapaunlad ang pansariling kaalaman at maiangat ang sarili sa kakulangan sa mga kaalaman. Medyo hindi maunawaan ng mga mag-aaral ang alituntunin o panuto ng mga pagsusulit kaya hindi nila ito masunod. Medyo may kakulangan o medyo hirap pa ang mga mag-aaral sa pagbibigay ng kahulugan ng mga salita. Medyo hindi sapat ang bukabularyo ng mga mag-aaral. Malamang may mga salita na malalalim ang kahulugan na hindi nila maibigay ang kahulugan nito. Malamang hindi pa gaano nila natutunan ang pag-aaral ng balarila o gramatika. May mga tuntunin o alituntunin sa balarila o gramatika na naging malabo sa mga mag-aaral. Medyo may kahinaan sila sa paggamit ng wastong salita ganun din sa wastong paggamit ng kabantasan sa pagbuo ng pangungusap. Marahil ay may malaking impluwensya ng kaayusan sa loob ng klasrum. Marahil ay maayos ang pakikitungo ng mga mag-aaral sa kapwa mag-aaral at ng guro sa mga mag-aral. Marahil ay kaaya-aya, maaliwalas at malinis sa loob ng klasrum kung kaya may ganang pumasok araw-araw.

Ayon pa kay De Torres (2016), guro ang itinuturing na pangalawang magulang ng mga mag-aaral. Dito sila hinuhubog at natututo ng mga mahahalagang bagay na magagamit habang panahon. Dito nila natututunan ang mga araling kapaki-pakinabang na magagamit sa buhay. Ang mga mag-aaral ay dapat na pinapaigting upang mapukaw ang kanilang interes at mahikayat na mag-aral. Magkaroon ng ganang matuto at maaliw sa mga aralin dahil masaya ang natututo. Natututunan ang mga kaalaman na magdadala sa panibagong buhay. Ang matuto ay ang pag-angat din ng sarili sa mas mataas na lebel dahil napapaunlad nito ang kaisipan mula sa payak o simple tungo sa complex. Mas nagagamit ang tinatawag na critical thinking o creative thinking na nakakapag-isip ng malalim at nakakapagbigay ng kongkretong rason at makabuluhang pahayag na may katibayan. Nakakapagpahayag ng saloobin o damdamin ng may kahusayan, kaayusan at kabuluhan.

Ayon naman kay Lilibeth C. De Vera (2017) sa kanyang aklat na Paano Maging Isang Epektibong Guro? Nagbibigay at nagbabasa ang guro ng ginawang gawain ng mga mag-aaral tungkol sa aralin. Dito masusukat kung gaano ang natamong kaalaman ng mga mag-aaral. Ang kahalagahan nito ay para sa markang makukuha ng mga mag-aaral sa performans kung saan mayroong malaking bahagdan na maiaambag sa markang matatamo sa katapusan ng



CC BY SA

markahan. Mag-isip ang guro ng angkop na mga gawain para sa klase ng mga mag-aaral para maging lebel sa kanilang kakayahan. Iangkop din sa lebel ng mga mag-aaral ang banghay aralin upang matamo ang lahat ng mga layunin.

### *Mga Inferensiyal na Pagsusuri*

*Pagkakaiba sa Pagitan ng Performans sa Filipino ng mga Mag-aaral at sa Kapaligirang Pampagkatuto*

Ipinakita sa talahanayan 5 ang resulta ng Analysis of Variance sa pagitan ng antas ng performans sa Filipino at antas ng kapaligirang pampagkatuto na "walang makabuluhang pagkakaiba" na may (F = 1.16, Sig. = .316).

Talahanayan 5

*Analysis of Variance ng Performans sa Filipino Ayon sa Antas ng Kapaligirang Pampagkatuto*

| Antas ng Kapaligirang Pampagkatuto | Mean ng Performans sa Filipino |
|---|---|
| Lubhang Kaaya-aya (4.21 - 5.00) | 3.00 |
| Kaaya-aya (3.41 - 4.20) | 3.45 |
| Katamtaman (2.61 - 3.40) | 3.18 |

| Source of Variation | SS | df | MS | F | Sig. |
|---|---|---|---|---|---|
| Between Groups | 2.05 | 2 | 1.02 | $1.16^{ns}$ | .316 |
| Within Groups | 85.26 | 97 | .88 | | |
| Total | 87.31 | 99 | | | |

* p<0.05 makabuluhan sa 5% antas ng alpa

ns p>0.05 hindi makabuluhan sa 5% antas ng alpa

Kaaya-aya man ang kapaligirang pampagkatuto ng mga mag-aaral sa Filipino ay walang makabuluhang pagkakaiba ito sa performans sa Filipino. Malamang kung kaaya-aya man ang kanilang resulta sa kapaligirang pampagkatuto ay walang makabuluhang pagkakaiba sa kanilang performans. Malamang malamig, maayos o malinis man ang kapaligiran ay hindi ito nakakaapekto o nakakapagpapaunlad sa performans ng mga mag-aaral. Maganda man o maputik ang daanan ay hindi naman ito nakakaapekto o walang makabuluhang pagkakaiba sa performans ng mga mag-aaral. Marahil, kaaya-aya man ang kapaligirang pampagkatuto, matahimik, malamig ang paligid dahil sa marami ng puno, halaman at bulaklak ay alai tong makabuluhang pagkakaiba sa performans. Katamtaman pa rin ang performans ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng Filipino. Malaki at malinis man ang kantina, may sapat na mabibili na masusustansiyang pagkain ay hindi rin nito naiimpluwensiyahan ang performans at maging ang mga palatuntunan at mga pagpupulong ay dinaraos man tuwing walang pasok ay hindi rin nito naaapektohan ang performans. Kung tumaas o medyo bumaba man ang performans nila sa Filipino, hindi dahil sa kapaligirang pampagkatuto.



CC BY SA

Sumasang-ayon din ito sa pag-aral ni Altamia (2018) na walang makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng performans sa antas ng impluwensiya ng guro sa mga mag-aaral. Mataas man ang impluwensiya ng guro sa mga mag-aaral sa kabuuan maging sa atityud, akademiko at sosyal at napakataas naman sa sikolohikal na aspeto ay walang makabuluhang pagkakaiba ito sa performans ng mga mag-aaral. Malamang kung naimpluwensiyahan ang atityud, akademiko, sosyal at sikolohikal ay walang makabuluhang pagkakaiba sa performans. Nagpapakita lamang ito na ang mga guro ay may malaking bahagi sa kalinangan ng mga mag-aaral kung kaya mataas ang antas sa kabuuan ng impluwensiya ng guro sa mga mag-aaral.

Ayon din kay Marcus (2016) sa kanyang aklat na pinamagatang, A Campus Situation to The Students, ang pisikal na kapaligiran ay nakakadagdag sa mabuting kalagayan ng isang paaralan. Kakikitaan ito ng mukha na maaaring pag-unlad at paglugmok. Kung marami ang nagaganap na mabuting pagbabago maaari itong patungo sa pag-unlad. Ngunit kung hindi magandang pagbabago, maaaring patungo ito sa pagsara ng paaralan. Ngunit aniya, sa kanyang natuklasan, karamihan sa mga mag-aaral ay hindi naktuon sa pisikal na anyo ng paaralan. Hindi nila inaalintana kung ano ang nasa palibot ng paaralan. Ang mahalaga sa kanila ay ang pag-aaral at kung gaano kagaling at epektibo ang guro sa pagtuturo. Hindi sila naiimpluwensiyahan ng panlabas na anyo ng paaralan. Mas mahalaga ang pagtuturo ng guro sa loob ng klasrum dahil ditto sila natututo ng pormal na edukasyon.

Ang ipotesis na nagsasaad na walang makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng performans at kapaligirang pampagkatuto ay tanggapin.

*Pagkakaiba sa pagitan ng Performans*
*sa Filipino ng mga Mag-aaral*
*at sa Klimang Pangklasrum*

Ipinakita sa talahanayan 6 ang resulta ng Analysis of Variance sa pagitan ng antas sa performans sa Filipino at antas ng klimang pangklasrum na "walang makabuluhang pagkakaiba" na may (F = .29, Sig. = .748).

Talahanayan 6

*Analysis of Variance ng Performans sa Filipino Ayon sa Mga Antas ng Klimang Pangklasrum*

| Antas ng Klimang Pangklasrum | Mean ng Performans sa Filipino |
|---|---|
| Napakataas (4.21 - 5.00) | 3.29 |
| Mataas (3.41 - 4.20) | 3.43 |
| Katamtaman (2.61 - 3.40) | 3.25 |

| Source of Variation | SS | df | MS | F | Sig. |
|---|---|---|---|---|---|
| Between Groups | .52 | 2 | .26 | $0.29^{ns}$ | .748 |
| Within Groups | 86.79 | 97 | .90 | | |
| Total | 87.31 | 99 | | | |

* p<0.05 makabuluhang sa 5% antas ng alpa

ns p>0.05 hindi makabuluhan sa 5% antas ng alpa



CC BY SA

Kaaya-aya man ang klimang pangklasrum ng mga mag-aaral sa Filipino ay walang makabuluhang pagkakaiba ito sa performans sa Filipino. Malamang kung kaaya-aya ang kanilang resulta sa klimang pangklasrum ay walang makabuluhang pagkakaiba sa kanilang performans. Maunawain man ang guro o maalaga sa mga mag-aaral, nagkaroon man ng paggalang o marami mang makabuluhang gawain na ipinagawa ang guro sa mga mag-aaral, maganda man ang klima, maayos o malinis man ang klasrum ay hindi ito nakakaapekto o nakakapagpapaunlad sa performans ng mga mag-aaral. Bago man o luma ang klasrum ay hindi naman ito nakakaapekto o walang makabuluhang pagkakaiba sa performans ng mga mag-aaral. Ang lahat ng mga mag-aaral ay nagkakasundo man sa loob ng klasrum ay hindi naman apektado ang kanilang performans na walang makabuluhang pagkakaiba.

Ayon sa pag-aaral ni Altamia (2018) napakahalaga ang pasilidad at kagamitang pampagtuturo sa pagkatututo ng mga mag-aaral o di kaya ang pasilidad o kagamitang pampagtuturo ay mahalaga sa pagkatuto ay ganoon pa rin ang performans sa pag-aaral ng Filipino ng mga mag-aaral. Walang makabuluhang pagkakaiba sa performans sa salik sa pagkatututo ng mga mag-aaral. Malamang hindi man sapat o sapat ang pasilidad, o may kakulangan o kulang sa mga kagamitang panturo, may sapat o kakulangan sa bentilador, espeker, laptop, television at iba pang kagamitan ay walang makabuluhang pagkakaiba ito sa performans ng mga mag-aaral sa Filipino.

Gayundin kay Borres (2009), ang mahalaga lamang ay may masisilungan at lugar na pagdarausan. Hindi na kailangan na maging magarbo ang klasrum kung hindi rin naman matututo ang mga mag-aaral. Ang mahalaga sabi niya ay ang kahandaan ng guro sa pagtuturo. Makapaglipat ng mga mahahalagang impormasyon na hindi pa natututunan ng bata sa tahanan. Idinagdag pa niya ang kahusayan ng guro sa pakikipagkomunikasyon. Binanggit din niya ang kahandaan at interes ng bata na matuto ng mga bago.

Ang ipotesis na nagsasaad na walang makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng performans at klimang pangklasrum ay tanggapin.

*Pearson' r sa Makabuluhang Kaugnayan*
*ng Kapaligirang Pampagkatuto,*
*Klimang Pangklasrum at Performans sa*
*Filipino ng mga Mag-aaral*

Ipinapakita sa talahanayan 7 na "walang makabuluhang kaugnayan" ang kapaligirang pampagkatuto sa klimang pang klasrum na may (r = 0.082, Sig = 0.419) maging ang kapaligirang pampagkatuto sa performans sa Filipino na may (r = 0.063, Sig = 0.535) gayundin ang klimang pangklasrum at performans sa Filipino (r = -0.079, Sig = .432).

Talahanayan 7
*Pearson' r sa Pagitan ng Mga Kapaligirang Pampagkatoto,*
*Klimang Pangklasrum at Performns sa Filipino*

| Baryabol | | r | Sig |
|---|---|---|---|
| Kapaligirang Pampagkatuto at Klimang Pangklasrum | | $0.082^{ns}$ | 0.419 |
| Kapaligirang Pampagkatuto at Parformans sa Filipino | | $0.063^{ns}$ | 0.535 |
| Klimang Pangklasrum at Performans sa Filipino | (-) | $.079^{ns}$ | 0.432 |

* p<0.05 makabuluhan sa 5% antas ng alpa



CC BY SA

ns p>0.05 hindi makabuluhan sa 5% antas ng alpa

Ang kaaya-ayang kapaligirang pampagkatuto tulad ng kasapatan ng pasilidad, kaaya-ayang paligid dahil sa mapuno, mahalaman, matahimik, maayos na kapaligirang ito ay wala itong kaugnayan sa klimang pangklasrum. Kung baga ang masayang disposisyon ng guro, ang kakayahan niya sa pagpili ng angkop na istratehiya at kagamitang panturo para lamang makuha ang atensyon ng mga mag-aaral. Ang sapat na kagandahan ng guro bago pumasok sa klase. Ang pagkakaroon ng pampaluwag tawa ng guro. Ang pagpapakita ng kasiglahan ng guro na siyang bumubuo sa klimang pangklasrum ay walang koneksyon ito sa kaaya-aya ng kapaligirang pampagkatuto o di kaya'y walang makabuluhang kaugnayan ang kapaligirang pampagkatuto sa klimang pangklasrum na ipinakita ng guro at mag-aaral. Kahit na hindi masyadong kaaya-aya ang mga pisikal na pasilidad ay wala itong makabuluhang koneksyon o kaugnayan sa atityud, kagamitang panturo, sa mga gawain sa loob ng klasrum gayundin sa interes o kawilihan na ipinakita ng mga mag-aaral sa loob ng klasrum.

Sumasang-ayon din ito sa pag-aaral ni De Torres (2017) na Paraan at Pag-uugali ng mga Mag-aaral sa Pagkatuto sa Filipino na walang makabuluhang kaugnayan ang paraan at pag-uugali sa performans sa Filipino. Ang kapaligirang pampagkatuto ay walang makabuluhang kaugnayan sa performans sa Filipino ng mga mag-aaral, malamang gaano man kakompleto ang paaralan sa mga pasilidad para sa pagkatuto ng mga mag-aaral ta gaano man kakompleto sa kagamitang panturo ang guro at maayos na kapaligiran ay hindi nakakaapekto o walang kinalaman ito sa performans ng mga mag-aaral. Malamang natututo din sila sa kanilang sariling kagustuhan at kakayahan.

Ang kasapatan ng mga upuan, pasilidad, ang kondisyon o kaaya-ayang kapaligiran, malamig, malinis at maayos na kapaligiran ay walang kaugnayan ito sa performans ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng Filipino. Malamang katamtaman ang performans nila dahil sa medyo hindi nila kabisado ang wastong gamit ng salita, may mga grammar o alituntunin na hindi nila masyadong kabisado ang ilan sa mga ito. May bokabularyo na hindi nila alam ang kahulugan lalo na ang mga malalalim na salita. Di-kaya'y nakalimutan nila ang ilang tuntunin sa gramatika dahil ang binibigay pokus sa pag-aaral sa Junior High School at Senior High School ay wala sa content o sa gramatika o pedagody kundi sa kahusayan sa komunikasyon o pagsasalita ng wikang Filipino.

Ayon kay Aguirre (2012), ang panlabas na kaanyuan ng paaralan ay dagdag na lamang sa pisikal na aspeto ng isang paaralan. Maaaring motibasyon ito sa iba para pumasok. Maaari ring pangganyak ito para ito na magpatala. Maaaring panghikayat ito sa mga magulang na dito pag-aralin ang mga anak. Ngunit aniya, ang may kinalaman sa performans ng mga mag-aaral ay ang sariling kahandaan na matuto. Kakikitaan siya ng interes na matuto ng mga bago para sa kanya. Bukas ang isipan sa mga bagong aralin at nasasabik sa mga gawain. Ito raw ang pinakamalaking salik tungo sa pagkatuto.

Ayon naman kay Flores (2013), ang performans ng mga mag-aaral ay masusukat sa natamong marka matapos ang mga gawaing pang-akademiko sa loob ng klasrum. Ang lahat ng mga gawaing nasa klasrum ay nakatuon sa mga mag-aaral. Dahil ang nais na matamo rito ng guro ay ang kasiguradohang may epektibong pagkatuto sa katauhan at isipan ng mga mag-aaral. Masigurong ganap ang kanilang natutunan sa bawat araw para maibangko ang mga ito sa isipan. Hindi na mahalaga kung ano ang makita ng mga mag-aaral sa labas ng klasrum. Hindi ito batayan pagkatuto dahil ang malaking oras ng mga mag-aaral ay inilalaan sa loob ng klasrum.

Ang ipotesis na nagsasaad na walang makabuluhang kaugnayan ang kapaligirang pampagkatuto sa performans sa Filipino ng mga mag-aaral ay dapat na tanggapin



CC BY SA

**KONGKLUSYON**

Mula sa mga natuklasan, nabuo ang mga sumusunod na kongklusyon:

1. Kaaya-aya ang kanilang antas ng kapaligirang pampagkatuto. Bunga nito napanatili ang kanilang kawilihan sa pag-aaral ng Filipino, kung magkagayon tataas ang performans nila sa Asignaturang Filipino. Maliban sa ito ay mapapanatili, mas maigi kung maging lubha itong kaaya-aya. Madagdagan ang mga kulang na pasilidad. Maayos agad kung sakaling masira o magiba upang maiwasan ang disgrasya. Bunga rin nito nabawasan ang pagliban nila sa klase at palagi o gaganahan na silang pumasok sa paaralan araw-araw. Kung magkagayon tataas ang perfromans nila sa pag-aaral ng Filipino. Gaganahan din silang makilahok sa talakayan at sisigla o buhay na buhay ang klase.

2. Maayos ang ugnayan ng guro at ng mga mag-aaral sapagkat ang antas ng klimang pangklasrum ng mga mag-aaral sa Filipino ay nangangahulugang kaaya-aya. Bunga nito, maging masaya ang talakayan, lahat ng mag-aaral ay masiglang makilahok maging ang mga mahiyain. Uunlad ang kaalaman nila at marami silang makukuhang impormasyon o matutunan sa talakayan. Samakatuwid, halos lahat sila ay maipasa ang asignaturang Filipino. Bunga pa rin nito tataas ang performans nila sa asignaturang Filipino, maayos na maisakatuparan ang layunin sa klase. Salik sa pagiging mataas nito ay ang masayang disposisyon ng guro at gumagamit siya ng mga angkop at nararapat na istratehiya para makuha ang atensyon ng mga mag-aaral. Nagpapakita rin sa resulta ng pag-aaral na malaki ang papel na ginagampanan ng mga guro sa paghubog ng atityud ng mga mag-aaral at ng kanilang sariling pagkatao.

3. Katamtaman ang antas ng performans sa Filipino ng mga mag-aaral sa grado 11, bunga nito hindi ganap ang pagkatuto ng mga mag-aaral. Samakatuwid, marami pa silang dapat na matutunan lalo nasa bokabularyo at balarila o gramatika. Kailangan pa nila ang magrebyu sa wastong gamit ng salita, wastong gamit ng bantas sa pagsulat ng pangungusap. Dagdag pa nito kailangan pa nila ang magsanay sa paggamit ng wastong salita at pagbabantas.

4. Mataas man ang kapaligirang pampagkatuto ng mga mag-aaral sa Filipino ay walang makabuluhang pagkakaiba ito sa performans sa Filipino. Bunga nito, lalo silang gaganahan na pumasok sa klase. Masigla ang pakikilahok nila sa talakayan. Interesado silang matuto, kung magkagayon maipasa nila ang asignaturang Filipino. Mapupukaw ang interes nilang matuto ng mga aralin. Maging maganda rin ang ugnayang guro at mag-aaral. Maging maayos ang pagsusunuran sa loob ng klasrum. Naging kaaya-aya ang kanilang resulta sa kapaligirang pampagkatuto.

5. Kaaya-aya man ang klimang pangklasrum ng mga mag-aaral sa Filipino ay walang makabuluhang pagkakaiba ito sa performans sa Filipino. Kung kaaya-aya ang kanilang resulta sa klimang pangklasrum ay walang makabuluhang pagkakaiba sa kanilang performans. Bunga nito, maging maunawain man ang guro o maalaga sa mga mag-aaral, nagkaroon man ng paggalang o marami mang makabuluhang gawain na ipinagawa ang guro sa mga mag-aaral, maganda man ang klima, maayos o malinis man ang klasrum ay hindi ito nakakaapekto o nakakapagpapaunlad sa performans ng mga mag-aaral.

6. Ang kapaligirang pampagkatuto ay walang makabuluhang kaugnayan sa klimang pangklasrum. Bunga nito, sapat man o di-sapat ang mga pasilidad, mga upuan o kagamitang panturo tataas pa rin ang performans nila sa pag-aaral ng Filipino. Bunga pa rin nito, maging maayos at maganda ang pagsusunuran sa loob ng klasrum. Samakatuwid, lalo silang gaganahang mag-aral kung ang guro ay may pagmamalasakit sa kanilang kapakanan. Bunga pa rin nito, walang "drop out" maipasa nila ang asignaturang Filipino. Kahit na hindi lubhang kaaya-aya ang mga pisikal na pasilidad ay hindi ito kawalan para sa mga mag-aaral na makapasa. Ang kakulangan sa pasilidad ay walang kinalaman sa



CC BY SA

impluwensya ng guro sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Kahit sa ilalim lang ng puno o kahit hindi kaaya-aya ang silid aralan kapag ang guro ay may kahandaan sa kanyang pagtuturo at ang mga mag-aaral ay gustong matututo kailanman ay hindi ito maging hadlang sa kanilang lubos na pagkatuto.

**MGA SANGGUNIAN**


Aldaya, M. and Banal, J. (2015) Journal: Problems and Difficulties Encountered by Students and Teachers, Marks Publishing House, Inc. https://ephjournal.org/index.php/se/article/view/346

Aguirre, E. (2012) Mabisang Pagpapahayag sa Kolehiyo, Trini-Publishing, Inc., Makati City. https://cfmslibrary.librarika.com/search/detail/469349

Aquino, G. and Razon, P. U. (2009) Education Psychology, Moore Publishing, Inc., Washington, DC. https://open.umn.edu/opentextbooks/textbooks/153

Borres, F. (2009), Metodolohiya sa Pagtuturo at Pagkatuto ng Wika, Gradwater Publication and Research Corporation, Makati City. https://www.worldcat.org/title/metodolohiya-sa-pagtuturo-ng-wika-mga-teorya-simulain-at-istratehiya/oclc/820871086

Cruz, Conchita (2017). Education of The Filipino Writer and Creative Writing in the Philippines, Makati City. https://pdfs.semanticscholar.org/4376/d5e066880256618c546f6ebd519bc073d432.pdf

De Vera, Lilibeth C. (2017) Paano Maging Isang Epektibong Guro?, Sun.Star Publishing, Inc., Pampanga. https://www.pressreader.com/philippines/sunstar-pampanga/20170925/281608125620720

Fraser, BJ Using Short Forms of Classroom Climate Instruments to Assess and Improve Classroom Psychosocial Environment (2010) https://onlinelibrary.wiley.com/Ret.08/22/2018

Fritz, James Dissertation on The Effect of A New SchoolFacilities on Students' Achievement (2014) http://www.scribd.com/mobile/Ret.10/23/2018.

Goulart, R. (2011). The Result of Interest on The Educational Success. http://ftp.iza.org/dp5426.pdf/Ret.06/20/2017.

Hontiveros, L. at Ganzon, S. (2015) Mga Metodo sa Pagtuturo at Pagkatuto ng Wikang Filipino, www.blogspot.com/Ret.02/18/2019

Knight, Lizette F. (2009). Maximum Training and Learning. https://www.gvsu.edu/mygvsu/Ret.06/06/2018.

Kowalski, Teodore J. (2018). Planning and Managing School Facilities Edition https://org.edu.doc./Ret.11/05/2018.

Marcus, R. (2016). Campus Situation Suited to The Effective Learnings of Students. https://md.networkforce.org/mh/nimh/indexcontent/Ret.02/21/2019.

Quijano, T. Educational Performances for The Development of School (2015) https://edu.aboutcc/documents/re-search.pdf/Ret.06/25/2018.

Ritter, B. and Hancock, H. (2011) Modern Techniques/Strategies on Teaching http://search.myslideshare.net/Ret.07/12/2018.

Santiago, R. (2014). Mga Mahahalagang Istilo sa Pagtuturo https://udyong.net/teachers-corner/6902/Ret.09/19/2018.

Suleman, Fara (2014). Mabisang Kasanayan sa mga Makrong PangKasanayan https://dx.doi.org/10.1007/S10864-007/Ret.02/16/2019.




CC BY SA